

1

“Yahoo!” Si Reisuke na yata ang pinakamasayang tao sa buong mundo ngayon. Nang lumabas siya ng airport, ngayon niya lang naramdaman na unti-unti na niyang naaabot ang kanyang minimithi.

Dala-dala ang bag, pumara siya ng taxi. Huminto ang sasakyan sa kanyang tapat. Pumasok siya, sa backseat umupo. Ngunit bago pa niya masabi sa driver kung saan ang kanyang destinasyon, bumukas ang pinto ng taxi. Bumungad sa kanya ang isang babae. Nagmamadaling pumasok ito.

Kahit isang salita, walang lumabas sa kanyang bibig. Natameme siya sa kagandahang nakita. She had a beautiful face, gentle like an angel. She had a layered, shoulder-length black hair that framed her face. Her eyes were dark brown and were staring at him. Ang nararamdaman niya ngayon ay kakaiba, mas mabilis pa sa drum roll ang tibok ng kanyang puso. He was enchanted by her heavenly face; she was like *Helen of Troy*, a face that could launch a thousand ships.

Wake up, dumb ass!

Ginising siya ng kanyang konsyensya. Doon niya lang napansin ang kanilang sitwasyon na ang babaeng biglaang pumasok ay isang estranghera. Hindi siya dapat pumayag na basta-basta lang ito papasok sa taxi na kanyang nakuha.

“Miss, I came here first.”

Hindi naman nito pinansin ang kanyang sinabi. The lady talked to the driver. “Boss, sa *Rising Heaven Hotel* tayo.”

“*Chotto mate kudasai!* Did you hear what I’ve said? Even if you’re pretty, it doesn’t mean you have the right to—”

“You are coming with me, Mr. Tenjo.” She was staring blankly at him.

Nagulat siya sa sinabi nito. Alam nito ang kanyang apelyido! Paano? Bakit? Pero hindi siya nagtanong. Instead, he argued again.

“May sarili akong hotel na pina-reserve. At hindi ako sasama sa ’yo!” Matigas ang pagkakasabi niya.

“Pina-cancel na namin ang reservation mo sa *Aquarius Hotel*. And if you still insist on what you want, then I don’t have any choice. Gaya nga ng sinabi ng iyong ama, I can do whatever I want just to

make you come with me. Kahit i-Taser pa kita kung kinakailangan.” Her eyes were telling Rei that she could do that. At kung hindi man niya susundin ang gusto nito, gagawin talaga nito ang banta.

“I will sue you in court!”

“Eh, di gawin mo!” Itinuon lang nito ang pokus sa driver. “Manong, paandarin mo na!”

Napapailing na lang siya nang umusad ang taxi. He didn’t expect that his father knew he was here! Sabagay, paano niya magagawang magtago sa isang Tatsuya Tenjo, isa sa mga pinakamayamang tao sa buong mundo. Kahit ano yatang pagtatago ang kanyang gawin, malalaman talaga nito.

At habang binabaybay nila ang daan, katahimikan lang ang namayani sa kanila. Wala siyang masabi sa babaeng katabi. Hindi niya ito iniimik, isa kasi itong kalaban. Even though he was attracted to her, he must resist her.

Pero kahit ano ang gawin niya, hindi niya magawang dedmahin ito. Inside his brain, he was thinking who she was. Sari-saring mga tanong ang pumapasok sa kanyang utak ngayon.

At sa sobrang preoccupied ng isipan ni Rei, hindi niya napansin na nakarating na pala sila sa kanilang

destinasyon. Maglalabas na sana siya ng pambayad ngunit naunahan na siya ng babae.

Nauna itong lumabas at hinintay siya, subalit hindi siya kumilos upang umibis ng taxi. Ayaw niya kasing lumabas. Pakiramdam niya, may mangyayaring hindi maganda.

“Ano pa ba’ng hinihintay mo diyan? Pasko?” Tinaasan pa siya nito ng kilay. At mukhang hindi pa nakontento, pinandilatan pa siya nito. “Alam mo naman siguro ang kaya kong gawin sa ’yo.” Aktong may kukunin ito sa tagiliran.

“Kung hindi ka lang babae, pinatulan na kita!” Umiinit na ang kanyang ulo. Bad trip na talaga siya sa kausap. Kaso wala naman siyang magagawa. Alam niyang seseryosohin nito ang banta. Bumaba siya kahit hindi bukal sa loob niya.

“Ang dami pang sinabi, bababa ka din naman pala.” Nagsimula na itong maglakad.

Sinundan niya lang ito, tiningnan ang bawat galaw ng babaeng kakikilala pa lang. Kakikilala? Hindi nga pala niya alam ang pangalan nito. Naobserbahan niya kung paano itong maglakad. Doon niya napansin ang balingkinitan nitong pangangatawan. She had a body, a sexy body. As her hair bounced while walking,

he admitted to himself that it brought such pleasure to him, something he couldn't explain.

Kahit yata nakasakay na sila ng elevator, nasa estranghera pa rin ang kanyang atensyon. Hindi nga niya magawang pansinin ang interior design ng hotel. Panay ang saway niya sa sarili ngayon habang nakatayo lang sila sa loob ng elevator.

Ngayon ka lang ba nakakita ng magandang babae, Rei? You look like a psycho!

Tumigil na sa pag-andar ang elevator. Bumukas ang pinto, nasa twenty-fourth floor na sila. Nanguna ulit sa paglalakad ang dalaga. While he was like a dog following his master.

She suddenly stopped. Humarap ito sa isang kuwarto, room 2407. Then, she knocked on the door. Ilang sandali pa'y bumukas nang kusa ang pinto. He was shocked, nanlaki ang kanyang mga mata. His father. His father was here.

“Otosan!”

“Reisuke.” Mababanaag ang galit sa mukha nito. Pinansin naman nito ngayon ang babaeng nasa tabi niya. “Thank you, Agent Ibañez.” He bowed. “Thank you for bringing my son here.”

“It’s okay, Sir. It’s my duty.” Pormal na pormal ito. “Is there something else that I can do, Sir?”

Umiling ang matanda. “You may go.”

Umalis na ito. Ngayon niya lang naisip kung sino ba ang babae, isa pala itong agent. Was she from the *Interpol*? Naalala niya, Ibañez pala ang apelyido nito.

“Reisuke,” basag ng kanyang ama sa pag-iisip niya. “What is this foolishness? You thought I wouldn’t know what you’re up to? I know everything, even the Filipino classes that you attended!” His tone changed from low to high.

“What?” Hindi siya makapaniwala sa mga nadidinig. Alam pala nito na nag-aral din siya ng salitang Filipino noong nasa college pa siya.

“Because of your actions, I had to cancel my important meetings. I will forget this if you come with me.”

“No, I will not come with you, Father!” matigas na sabi ni Rei. “This is what I really want ever since I was a child. I want to—”

“*Baka yamero yo!*” What the old man meant was ‘Don’t be such an idiot’. “I will disinherit you!”

“I don’t care! I’m twenty-seven already; I can do

whatever I want! And you can't stop me! Can you afford to find another researcher as bright as me?"

Hindi siya natatakot sa mga banta ng kanyang ama dahil alam niyang mahihirapan itong pakawalan siya. Sa *Tenjo Technology*, he was one of the bright minds. He contributed a lot. At dahil sa kanya, dumoble pa sa normal na kita ang kanilang kompanya.

Mukhang umurong ang dila ng matandang Tenjo. Lihim siyang natuwa. Wala nang makakahadlang pa sa kagustuhan niya.

"Okay, if that's what you want." Sumuko na ito.

"Yes!" Hindi na niya naitago ang kasiyahan niya. "Arigato!" He bowed to his father.

"But Agent Ibañez will accompany you wherever you will go."

"Ha?" Ang ngiti na masisilayan sa kanyang mukha ay biglang nawala. "Why? I don't need her! I can take care of myself!"

"My decision is final. She will be your bodyguard even if you're against it!" may awtoridad na sabi nito. Tumingin ito sa wristwatch nito. "I have to go." Iyon lang at nawala na ang matandang Tenjo sa harapan niya.

Paano na ang gagawin niya? Kung may taong bubuntut-buntot sa kanya, siguradong mahihirapan siya. At ang mas nagpahirap pa ng kanyang sitwasyon, isang masungit at supladang babae ang magiging bantay niya.

Panay ang suntok na ginawa ni Alessa sa sandbag, nasa gym siya ng *National Bureau of Investigation*. She was not in the good mood today. Sino ba ang magkakaroon ng magandang mood kung hanggang ngayon nakatengga pa rin. Since last two months, wala siyang na-handle na kaso dahil sa arm injury na natanggap niya noong ni-raid nila ang isang pier dahil sa smuggled goods.

And what made her furious was what happened last time. Inutusan kasi siya ni Director Madrigal na sunduin ang isang VIP na lalaki sa airport, si Reisuke Tenjo, isang Japanese na marunong magsalita ng Tagalog, mayabang at antipatiko. Unang kita pa lang niya rito, hindi na niya nagustuhan ang ugali.

Why? Because he was not a gentleman. Sa sobrang inis niya sa binata, binantaan niya ito na ite-Taser kung hindi sasama sa kanya. And that was not all; he was surveying her whole outfit that time. Parang ipinaparamdam nito sa kanya na hindi maayos

ang kanyang pananamit, mukha siyang dukha. Alam niyang hindi siya katulad nito na mayaman, hindi siya katulad nito na anak ng isang bilyonaryong Hapon, but he didn't have any right to mock her.

Yes! He was handsome, a handsome emperor of the rising sun. He had slanted eyes, a sign of authority. His skin was pale. That time, he was wearing a simple dark green shirt partnered with a black cardigan and khaki pants. His get-up was simple but still he looked dashing. Maaaninag sa postura nito ang pagiging makisig. In his outfit, she knew his body was fantastic, erotic.

Sandali nga lang, ano ba itong naiisip ko? Backspace!

Binura niya ang mga huling sinabi. Sa mga pinag-iisip niya ngayon, parang hinahangaan pa yata niya ang pesteng lalaki! Sinuntok niya nang sinuntok ang sandbag na nasa kanyang harapan.

“Hoy, Ibañez!” puna sa kanya ng isa sa mga kasamahan sa *NBI*, si Joey. Ito ang laging nakakasama niya sa mga operations, sa mga kaso.

Nagsimula na siyang magsuplada. “Kung nandito lang kayo para asarin ako, tantanan n’yo ’ko! Wala ako sa mood.”

“Ito naman, napansin ka lang namin, nagalit ka na agad.” He changed the topic. “Nga pala, pinapatawag ka ni Sir.”

Biglang nagningning ang kanyang mga mata. “Talaga?”

“Oo, kanina ka pa nga niya hinahanap. Siguro importante ang sasabihin sa 'yo.”

“Yes!” Napasuntok pa siya nang malakas sa sandbag. Sa wakas, mabibigyan na siya ng kaso pagkatapos ng dalawang buwan na walang ginagawa. Masayang napayakap siya kay Joey.

Nabigla ang lalaki at hindi nakaimik. Nakatayo lamang ito na parang tuod. Kahit nang bitawan na niya ito at iwan, hindi pa rin ito kumikilos.

Pumunta si Alessa sa opisina ng director. Habang binabaybay niya ang pasilyo papunta roon, para siyang lumulutang sa tuwa.

Simula noong bata pa siya, ito na ang gusto niya, ang maging isang *NBI* agent. She wanted to solve crimes, protect people, be a beacon of truth and justice. Kaya nga kahit beinte-cinco años pa lang siya, hindi na niya mabilang sa mga kamay ang mga nahawakang kaso.

Ilang sandali pa ang nasa tapat na siya ng opisina ni Director Madrigal. Sinikap niyang magpakapormal, tanggalin ang ngiti sa kanyang mukha. Kumatok siya, nadinig ang boses sa kabila, indikasyon ng pagpapapasok.

Binuksan niya ang pinto. “Sir.” Sumaludo siya, ang kanyang salubong sa matandang lalaking nasa harapan.

“Carry on,” pagpapababa nito sa kanyang kamay. Sinenyasan siya nitong umupo.

“Pinatawag n’yo daw po ako?”

“Oo, may mahalaga kasi akong ipapagawa sa ’yo.”

This was it! The moment she was waiting for.

The old man folded his arms on the table. “How’s your day escorting, Mr. Tenjo?”

“Well...” Ano ba ang sasabihin niya? Nagpaka-plastic na lang. “He was nice.”

“Good, mabuti naman at nagkasundo kayo. May ipapagawa kasi ako sa ’yo.” Hindi na ito nagpatumpik-tumpik pa. “You will be his bodyguard while he’s here.”

Ang pakiramdam ni Alessa ngayon, para siyang binagsakan ng isang malaking pader. “Ho? Bakit ako? Bakit hindi na lang si Salazar o kaya naman si Aguila?”

“Ikaw ang gusto ni Mr. Tatsuya Tenjo na magbantay sa kanyang anak. At sa tingin ko, bagay ka sa misyon na ito. Hindi ka pa nakaka-recover sa injury mo.”

“But, Sir—”

“No buts, Ibañez. Buo na ang pasya ko. Ikaw ang magbabantay kay Reisuke Tenjo, sa ayaw mo man o sa gusto. You may go.”

Ganoon-ganoon na lang kung itaboy siya nito. Naninikip na ang kanyang dibdib sa sobrang inis sa nangyayari. Hindi na nga siya sumaludo bago lumabas. Dere-derecho lang siya sa labas, walang lingun-lingon.

Akala niya ay hahawak na ulit siya ng kaso. Iniisip din niyang makakabalik na siya sa aksyon, ngunit taliwas iyon sa mga nangyayari. At ang masama pa, babantayan niya si Reisuke!

2

“Where am I?” Palinga-linga si Rei sa buong paligid. Hindi na niya alam kung nasaan siya. Ang alam lang niya ay nandoon siya sa Quiapo. Hindi niya alam kung paano makakabalik sa hotel na tinutuluyan.

Nagpatuloy na lang siya sa paglalakad. Napakadami pala ng tao rito. There were stalls everywhere. Sari-sari ang mga binebenta, may nakikita pa nga siyang mga boteng may laman na kung anu-anong halaman. Dahil curious, lumapit siya sa isang stall at nagtanong sa matandang tintera.

“What is this?”

“Ah, Sir, that’s pampahid, use for ache. You buy?” Baruk-barok pa ang pagkakasabi nito. At sa paraan ng pagkakatingin nito sa kanya, mukhang nakakita ito ng artista. Ganoon din ang ibang mga kalapit na tintera, kinikilig din dahil sa kanya.

Panay lang ang tingin niya sa hawak na bote. Habang tinitingnan iyon, hindi niya namalayan na may lalaki na pala na nasa likuran niya. Mabilis ang galaw nito. Nakuha na nito ang pitaka niya.

“Shit! My wallet!”

Nakalayo na ang magnanakaw. Sa sobrang bilis ng mga pangyayari, hindi na siya nakapag-isip nang maayos. Kahit may pulis sa malapit, hindi siya humingi ng tulong. Tumakbo na lang siya at hinabol ang lalaki kahit alam niyang puwedeng manganib ang buhay niya.

Nagkakagulo na ang lahat dahil sa kanya. Nadidinig na rin niya ang sigawan. Tinutumba kasi ng magnanakaw ang gamit ng bawat tindahan na madaanan nito. Nagmistulang obstacle course ang daan kaya bumagal ang kanyang pagtakbo. Mayamaya, may isang lalaking nakasuot ng itim na jacket at sumbrero ang tumatakbo na rin. Malayo ito sa kanya, nasa unahan niya.

Peste! Dalawa pa yata ang mga hudas!

At sa isang eskinita, lumiko ang magnanakaw. Sumunod din ang estranghero. Hindi na siya nag-isip, binilisan pa niya ang takbo para makahabol siya sa mga ito. Mahalaga sa kanya ang wallet na iyon, napakahalaga!

Narating na rin niya ang eskinita. Pagud na pagod siya, hingal na hingal sa ginawang pang-Olympics na pagtakbo. Tumambad sa kanya ang magnanakaw, nakahandusay na ito at bugbog-sarado. While the man wearing a black jacket, he was standing and

holding Rei's wallet. Hindi pala ito kasabwat.

Thank God! May mga tao pa rin palang marunong magmalasakit. Kailangan niyang pasalamatang ito. Hindi niya maaninag ang mukha ng lalaki dahil sa natatakpan ng sumbrero.

“Thank you for—” Hindi niya nasundan ang sasabihin. Nang tumingin sa kanya ang taong kinakausap, doon niya nalaman kung sino ito. “You!” Gulat siya, nanlalaki ang singkit na mga mata, hindi makapaniwala.

Tinanggal nito ang sumbrero, lumugay ang buhok. Hindi ito lalaki, isa itong babae. Si Agent Ibañez. Lumapit na ito at iniabot sa kanya ang pitaka niya.

Like the first time he saw her, she was beautiful. Kahit na simple at panlalaki ang suot nito, maganda pa rin ang dalaga. She was the same geisha that captured his eyes.

This is not the time for flirting, Reisuke! Tandaan mo, sagabal lang ang babaeng iyan sa mga plano mo!

Mabuti nagising siya. The delight from his eyes became rage. “What on earth are you doing here? Are you stalking me?”

“Kung ’yan ang iniisip mo, suit yourself.”

“Alam mo ba ang salitang invasion of privacy?”

“Sa tingin mo ba, Mr. Reisuke Tenjo, matatanggap ako sa *NBI* kung simpleng invasion of privacy ay hindi ko alam ang ibig sabihin?” pamimilosopo nito. “Stop complaining! Kahit hindi man natin gusto ang isa’t isa, wala na tayong magagawa. Makakasama mo ako.”

Padabog niyang kinuha ang pitaka mula sa dalaga. Kumuha siya ng pera, mga nasa five thousand pesos lahat-lahat. “Here, take it.”

Tiningnan lang nito ang kanyang kamay na may hawak na paper bills. “Para s’an ’yan?”

“Hindi ba obvious? I want you to take this money and leave me alone!”

Ngumisi si Agent Ibañez. “Alam mo, kahit ano pang suhol ang gawin mo, hindi ako aalis. Magkasama tayo twenty-four hours a day, seven days a week. And you can’t complain about it.” Parang sa hitsura nito, nagugustuhan nito ang nakikita sa kanya. She was enjoying the war between them. While him, he was pissed off.

“Damn!” Iyon na lang ang nasabi niya. Kahit

ano pa yata ang gawin niya, susunud-sunod lang ito sa kanya. Magiging buntot niya. Nonsense pang makipag-away sa babae. Itinaas na lang niya ang kanyang mga kamay, tanda ng pagsuko.

“I give up. Matigas ka talaga. If you will be my tail, wala na akong magagawa.” Tumalikod na lang siya rito. Magsisimula na sana siyang maglakad nang pansinin siyang muli nito.

“Teka, saan ka pupunta? Babalik ka d’un? Gusto mo bang maulit ang nangyari kanina?”

“Nandiyan ka naman. You’re responsible for my safety.” Nagpatuloy siya sa paglalakad. “You can take care whoever comes in my way.”

“Wait!” Humabol ito. “Ano ba’ng ginagawa mo dito sa Quiapo? Kanina ko pa iniisip ’yun.”

“Sightseeing,” maikling tugon niya.

“Ha? Nagpapatawa ka ba?” Hindi ito naniniwala sa sinasabi ni Rei. “Ano ba’ng makikita mo dito? Napakadaming basura, magulo, mabaho. At higit sa lahat, madaming masamang-loob.”

Pinigilan siya nito. Sa unang pagkakataon, nahawakan nito ang kanyang kamay. Napatingin siya sa dalaga. She was staring at him also. Her eyes were

deep and couldn't be read. Habang siya, nagsisilakbo ang kanyang puso. Habang hawak nito ang kanyang kamay, nakakaramdam siya ng kuryente. Imbis na masaktan, parang nagugustuhan pa niya.

Binitawan na siya nito at bahagyang lumayo. Ang mga matang hindi niya mabasa kanina ay napalitan ng pagmamatigas muli. Bumalik ito sa normal.

“Hindi ka aalis. Babalik ka na sa hotel!”

“At sino ang may sabi?”

May dinukot ito sa bulsa. Mabilis pa sa kidlat ang naging galaw ng dalaga. Naposasan na nito ang kanyang kanang kamay. Ang kabilang posas, inilagay sa sarili nitong kamay.

“Ngayon, hindi ka na makakapalag!” Ang hitsura nito, daig pa ang isang kontrabida sa mga action films.

“F*ck! If you don't take this off, I will tear you apart!”

“Kaya mong gawin iyon?” Naging mapanghamon ang mukha nito. Ipinakita pa nito sa kanya na nakaposas sila.

Napabuntong-hininga na lang siya. Tama ito, hindi niya kayang gawin iyon. But he needed to

go back, kailangan niyang makabalik sa unang destinasyon bago siya nanakawan. It was a must! Kaya hindi na siya nagpatalo sa dalaga.

“I really need to go there. So, take this thing off me.”

Seryosung-seryoso ang mukha ng binata. Sa tingin ni Alessa, hindi na niya ito mapipigilan sa gusto nitong mangyari. His eyes were persistent. Parang mahalaga talaga kay Reisuke ang pumunta rito sa Quiapo. Pero bakit? Ano ang mayroon dito? Hindi naman niya magawang maiboses ang naiisip.

Tinanggal na lang niya ang posas. “Kung manakawan ka ulit, hindi na kita tutulungan. Hindi na kita kargo.”

“Fine, I didn’t ask you to help me a while ago.” Natanggal na ang bagay na pumipigil sa kamay nito.

Nanguna na itong maglakad. Sinundan niya lang ito. Habang naglalakad, napansin niya na dinukot ng binata ang pitaka nito sa bulsa. May kinuha ito, isang litrato. Kaninong picture kaya iyon?

May namataan silang isang lalaki, tindero ng mga lobo. Nilapitan nito ang estranghero at nagtanong.

Mabuti naman, nag-Tagalog na ito. Hindi mahahalata na foreigner pala ang binata. Inobserbahan ito ni Alessa. Ipinakita ni Rei sa lalaki ang picture, tinanong kung kilala ba nito iyon. Sa malas, hindi kilala ng lalaki ang taong nasa larawan. Nagpatuloy na lang sila hanggang sa may makasalubong ulit.

Isang babae ang nakasalubong nila. Medyo bata pa ito.

“Good day, Miss,” kaagad na bati ng binata rito. He was smiling at her, being friendly to her. “May itatanong sana ako. Do you know this woman?” Ipinakita nito ang litrato.

Ang babae naman, parang nakakita ng isang artista. Natameme ito at nakanganga pa. Hindi nito tinitingnan ang picture. Kay Rei lang nakapako ang mga mata nito.

Shit! Kung magpapatuloy pa 'to, baka dumugin pa siya ng ibang babae! Baka ako pa ang mahirapan!

Wala nang choice si Alessa, sumingit na siya kaagad. “Miss, salamat na lang.” Hinila na lang niya ang binata.

“Hoy, sandali lang!” Hindi na ito nakapalag, nailayo na kasi niya ang guwapong binata.

Nang tuluyan na silang makalayo, kinausap siya ni Reisuke.

“What was that? Baka alam niya kung nasaan ang hinahanap ko.”

“Believe me, hindi niya alam ’yun. Kita mo ngang hindi ka sinasagot.”

“How sure are you?”

“I’m really sure. Siguradong imbis na sagutin niya ang tanong mo, mas bibigyan pa niya ng pansin na malaman ang pangalan mo.”

He didn’t react any more. Tinalikuran na lang siya nito at ginawa ang paghahanap sa isang tao sa larawan. Now she knew why he wanted to stay here. May hinahanap pala ito.

Pinagmasdan niya ang larawan habang ipinapakita sa bawat madaanan at natatanungan na tao. It was a picture of lady but it was blurry. Hindi maaninag ang mukha kaya siguro hindi makilala ng mga tao rito. Sa hitsura ng larawan, kupas na at siguradong matagal nang kinunan iyon. Sino kaya ang babaeng iyon? At ano ang relasyon nito kay Rei?

Ilang daang tao na yata ang natatanungan ng

binata ngunit hindi pa rin ito tumitigil. Para bang hindi nakakaramdam ng pagod at gutom. Si Alessa pa nga yata ang napapagod dito.

Grabe! Daig pa yata nito ang robot! Hindi man lang napapagod!

Habang pinagmamasdan niya ang alaga, nagugustuhan niyang makita ang mukha nito. The way he looked at others, showing his seriousness made her fall in a blissful state. Sa tuwing maglalakad ito, para siyang nakakakita ng modelong rumarampa. Kapag nadidinig niya ang boses ng binata, nagbibigay iyon ng kiliti sa kanyang tainga.

Alessa Ibañez, tumigil ka nga sa ginagawa mo. Konti na lang matutunaw na 'yan.

Bigla niyang nasampal ang sarili. Tama ang kanyang konsyensya. Sobra naman kasi talaga siya kung makatingin. Sa hitsura niya, parang unti-unti na niyang hinuhubaran ang lalaki in-assign sa kanya upang bantayan.

“Hey!” puna nito sa kanya.

“Anak ng putakti!” Napaurong siya sa sobrang kaba at gulat. “Ano ba?”

“Are you insane already? Kanina pa kita

tinatanong diyan kung okay ka lang, you just stare at me!”

“Ah... eh...” Paano ba niya malulusutan ang problemang ito? Hindi man siya sanay na magsinungaling, iyon ang kanyang ginawa. “Sino ba ang hindi mapapatunganga kung gutom na gutom na!”

“Di kumain ka!” Nagpatuloy itong muli sa paglalakad.

Hinabol niya ito. Tumigil siya sa harapan nito at kinuha ang hawak nitong larawan. “Akin na nga ’to!”

“Teka, ano’ng gagawin mo? Give it back to me!” His eyes were burning with anger. Parang kaya siya nitong sakalin sa puntong ito.

“Wala akong gagawin dito. Hindi ko susunugin ’to o pupunitin. Chill lang! Sumunod ka sa ’kin.”

Nagpatiuna na si Alessa sa paglalakad habang ang binata ay sumunod lang. He was still angry. Sinusubukan lang nito ngayon na maging mahinahon. Pumunta sila sa isang takatak boy, tindero ng sigarilyo. Napansin siya kaagad nito at lumapit.

“Aba! Ngayon lang kita nakita ulit! Anong masamang hangin ang nagdala sa ’yo dito, Alessa?”

tanong ni Boyong, ang takatak boy.

Ipinakita niya sa lalaki ang litratong dala ni Rei. “Kilala mo ba ang taong ’to? Tagarito daw ’to.”

Tiningnan nitong maigi ang hawak niya. Inilapit pa nito sa mga mata ang larawan para makilala. “Boss, hindi ko kilala ’yan.”

“Are you sure?” sabat si Rei sa usapan. “Dito daw siya makikita.”

“Bata pa lang ako, kilala ko na ang lahat ng tao dito. Batang Quiapo yata ’to!” buong pagmamalaki ni Boyong. “Saka napakalabo naman ng picture na ’yan.”

He became speechless. The persistent eyes that she saw faded away. Sa hitsura ni Reisque ngayon, daig pa nito ang namatayan. Unti-unting nawala ang kulay sa binata. Hindi tuloy mapigilan ni Alessa na malungkot para rito. Mukhang napakahalaga ng taong nasa larawan.

“Boyong,” tawag niya sa lalaking impormante niya, “kapag nakita mo ang taong ’to, tawagan mo ako kaagad.”

“Yes, Boss!” Sumaludo pa ito sa kanya.

Umalis sila, ni walang sinabi si Rei. Kahit

nakasakay na sila ng taxi, wala pa rin itong imik.

Tahimik pa rin ito nang dumating sila sa hotel. Habang naglalakad sila papunta sa silid nito, kung anu-ano na ang pumasok sa isipan niya. And then, an idea came.

“Ano pa ba’ng ginagawa mo diyan?”

“Ha? Ano?” Doon lang napansin ni Alessa na nasa harapan na pala sila ng silid nito. Bukas na ang pinto at nasa loob na ang lalaki, siya na lang ang hinihintay.

“I thought you’re listening, hindi naman pala.”

“Ano ba ’yung sinasabi mo kanina?”

“What I said was thank you.”

“Aba!” Nagulat siya sa sinabi nito. Wala sa hitsura nito ang magpasalamat sa kanya. Ang alam lang niya, lagi itong nakikipag-away. “Naiba yata ang ihip ng hangin! Marunong ka palang magpasalamat.”

Tiningnan siya nito nang masama, iyong tipo ng tingin na kulang na lang ay batukan siya. “If that’s a joke, it’s not funny!”

“Sino naman nagsabi na nagbibiro ako? Sige, para walang away, peace na tayo.” Binago niya ang usapan. “Para saan mo nga ba ako pinasalamatan?”

“Sa kanina, tinulungan mo akong mahanap si Mama.”

“Mama?” Doon nabuo ang lahat ng mga ideyang naisip niya kanina. Kaya pala gusto nitong makapunta rito sa Pilipinas, para makita ang ina. At kahit humadlang pa ang ama nito, he became desperate. Bigla tuloy siyang nakonsyensya sa lahat ng mga sinabi at ginawa niya sa binata.

Kailangan makabawi man lang siya rito. “What’s your mother’s name?”

“Why? Are you planning something?” He glared at her.

“Ganyan ba kasama ang tingin mo sa akin?” Nagsisimula na naman ang kausap na inisin siya. She tried her best to calm down. “Oo, may balak ako. Balak ko pa namang tulungan ka. Since you treat me as if I will do something bad to you, hindi na lang kita tutulungan.” Tumalikod na lang siya at nagsimulang maglakad papunta sa elevator. Nakakailang hakbang pa lang siya nang madinig ang boses nito.

“Wait!”

Tumigil siya, hindi pa din nililingon si Rei. Ito na mismo ang lumapit sa kanya at tumayo sa kanyang harapan. “Maria Corazon Dela Rosa, that’s her name.”

Sa anyo nito ngayon, mukha itong batang humihingi ng tulong. He was so cuddly and cute. Kung wala lang siya sa sariling katinuan, kanina pa niya ito niyakap nang mahigpit. But she maintained her cool composure. “Sasabihin ko sa ’yo kung may nakuha na akong impormasyon tungkol sa mama mo.” Muli siyang naglakad papunta sa elevator. Bago pa niya marating iyon, nadinig niya ang pagtawag nito sa kanya.

“Dōmo arigatō gozaimashita, Miss...?”

Napangiti si Alessa, hindi nito magawang dugtungan ang sasabihin dahil hindi pala nito alam ang pangalan niya. “Alessa, tawagin mo na lang akong ‘Alessa’.”

At sa puntong iyon, nakita niyang ngumiti ito nang matamis. He had a beautiful smile that could make her heart leap a thousand obstacles. It was a perfect smile that erased her worries.

Ano ba ’yan! Ngiti lang, masyado na akong natutuliro.

Kung hindi pa siya gagalaw, baka mahalata pa nito ang nararamdaman niya. Ipinagpatuloy niyang maglakad patungong elevator.

3

Hindi na siya makapaghintay na makita si Alessa. The heavenly face that captured his eyes, her soft and bouncy hair, ang mga matang nakakahalina, the way she spoke and her luscious lips.

What the hell! Bakit iyon ang pumasok sa utak ko?

Panay ang iling niya. Hindi iyon ang dapat niyang isipin, hindi dapat iyon ang kanyang kapanabikan sa pagbabalik nito. Hindi ba kaya siya nababalisa dahil sa balitang sasabihin nito tungkol sa kanyang ina? Iyon talaga! And besides, he couldn't be attracted to her. Hindi puwede. She was on his father's side. Kailangan i-concentrate niya ang isipan sa totoong pakay niya sa pagpunta rito sa Pilipinas.

Speaking of the woman, may kumatok sa pinto. Siguradong si Alessa na iyon. He couldn't wait to see her. Pero pinigilan niya ang sarili na ipakita ang pananabik. He needed to be cool and formal to her. Kaya pinalitan niya ang ekspresyon ng kanyang mukha bago niya ito harapin. Tumingin muna sa salamin si Reisuke upang masigurong seryoso ang kanyang mukha, pagkuwan ay tinungo niya ang pinto. Nagawa pa niyang huminga nang malalim.

Hindi niya maintindihan ang kabang nararamdaman.

Pinagbuksan niya ng pinto ang kanyang bodyguard. At hindi niya inaasahan ang makikita. She was not wearing a man's outfit; she wore a skirt and a blue blouse.

His eyes roamed around her body. Napadako ang kanyang mga mata sa mala-porselanang mga hita nito. Tila gusto niyang haplusin iyon upang damhin ang kinis at kalambutan niyon. Napadako ang kanyang tingin sa dibdib nitong natatakpan ng blusa; tila tinutukso siyang hawakan iyon. Sinaway niya ang sarili sa mga naiisip.

Ang puso niyang mabilis na tumitibok kanina, mas naging triple pa ang galaw. Umurong ang kanyang dila, ni isang salita ay walang lumabas. Hindi niya maialis ang kanyang mga mata sa dalagang nasa harapan. Gandang-ganda siya rito.

“A-Alessa?” nauutal pa siya.

Tinaasan siya nito ng kilay. Mukhang hindi nito nagustuhan ang tono ng kanyang pananalita. “Ano’ng problema mo? Sa hitsura mo, parang nakakita ka ng multo.” Tumingin-tingin pa ito sa paligid.

Hindi siya nag-react sa sinabi ng dalaga. Masyado siyang nabighani sa kagandahan nito. Kung ganito

pa nga lang ang suot nito ay nahihirapan na siyang mag-isip, paano pa kaya kung makita niya si Alessa na naka-makeup, wearing a backless gown or a lingerie?

Reisuke! Stop wasting your time!

Tila nahimasmasan siya. Naiba na rin ang ekspresyon ng kanyang mukha. “Come in.”

“Akala ko, hindi mo na ako papapasukin.” Pumasok na ito sa loob, dere-derecho lang patungong sofa.

He observed her movements. Kahit ano yata ang gawin nito, nagugustuhan niya. Habang pinagmamasdan niya ang balingkinitan nitong katawan, hindi niya mapigilan ang mapaisip. Ano kaya ang pakiramdam ng hawakan ito? Ng yakapin ito. At nang makaupo na si Alessa, nakita niyang muli ang maganda nitong mukha. Napadako ang kanyang mga mata sa mga labi nito. He wondered how soft were those... like her hair, like her legs.

“Mr. Reisuke Tenjo!” biglang sigaw nito.

Doon niya lang nagawang gumising sa mga nangyayari. Napatitig siya sa mukha ng babae. Her expression was not good. Nakataas na naman ang mga kilay nito.

“What’s your problem?”

“Ako? Baka ikaw, kanina ka pa nakatingin sa akin. Kung makatitig ka, parang babalatan mo ako nang buhay.”

Ganoon ba ang naipahiwatig niya kay Alessa? “Well, I’m not planning to do that. I was just wondering what you ate. Himalang nagmukha kang babae.”

Lalong nagdilim ang mukha nito. Right now, she was clenching her fist. Parang nagsisimula na itong magalit. Subalit mayamaya, huminga nang malalim ang kanyang kausap. Pagkatapos, inilayo nito ang tingin sa kanya.

“Pasalamat ka, nakakapagkontrol pa ako dahil pag hindi ko na kaya...”

“Then, what?” Naging mapanghamon ang boses ni Rei, nakipagmatigasan sa babae.

“Never mind! Umupo ka na nga lang para mapag-usapan na natin ang ipinunta ko dito.”

Tumalima siya. Umupo siya sa isang upuan na katapat ng dalaga. May kinuha itong isang brown envelope. Ano kaya ang nilalaman niyon?

Ipinakita ni Alessa ang nilalaman ng envelope.

“Ito ang listahan ng mga Maria Corazon Dela Rosa na makikita dito sa Pilipinas. Galing sa *NBI* ang listahan na 'to. Mas mapapadali sana ang paghahanap natin kung makikita natin ang picture nila kaso nagkaroon ng problema sa database ng bureau.”

Dinugtungan pa ng dalaga ang sinabi. “Kaya ang ginawa ko na lang, hinanap ko ang mga address nila. All of them have the ages ranging from fifty and above. Mga sampung tao ang nag-match sa search ko.”

“Perfect! Finally, I can find my mother!” Sa sobrang saya na nararamdaman niya, hindi na naisip ni Rei na mali pala ang ginawa niya. Niyakap niya nang mahigpit ang dalaga. It was too late when he realized what he had done.

Hindi makapaniwala si Alessa sa mga nangyayari ngayon. She was in Rei's arms! The feeling of the warm and strong arms wrapping around her was an unexpected thing. Kulang na lang ay mawala na siya sa sariling katinuan ngayon. Nababaliw na yata siya. Imbis na magalit siya o suntukin niya ito, nagugustuhan pa niya ang nangyayari. But she had to wake up. Kailangang tigilan niya ito kahit nag-enjoy pa siya.

Pero bago pa niya maitulak ang binata, kusa na itong lumayo. He was also confused by his own actions. Nagtataka rin ito sa sarili kung bakit ginawa iyon.

There was silence between them. Hindi makapagsalita ang dalaga. Kahit nga tumingin sa binata, hindi niya magawa. Pakiramdam niya ngayon, napakainit ng buong lugar kahit may air con naman.

She could feel her heartbeat, it was fast and uncontrollable. Nang mapansin niya ang sarili sa isang salamin, namumula pala siya.

*F*ck! Simpleng yakap lang, nagkakaganito na ako!*

It was just a simple hug, nothing more, nothing less. Kaya lang siguro nagawa ni Rei ang yakapin siya ay dahil sa sobrang saya na nararamdaman nito. Bago muling kinausap ang lalaki, siniguro niyang nahimasmaman na siya.

“So, ano’ng plano mo ngayon?”

Ilang sandali ang lumipas bago sumagot si Reisuke sa tanong niya. “I will find her. Lahat ng mga nakalista diyan, pupuntahan ko.”

“Lahat ito?” Nagulat siya.

Paano siya hindi magugulat, parang maiikot na nila ang buong Pilipinas pag pinuntahan nila ang bawat taong nakalista sa papel na ipinakita niya rito.

“Bakit hindi mo na lang hintayin na maayos ang database namin?” Umaasa siyang magbabago pa ang isip nito.

“Hindi na ako makakapaghintay! I want to see her. And it’s a perfect timing for me to wander around the Philippines. Kaya bukas na bukas din, aalis na tayo!” Nakangiti pa si Reisuke. Para itong isang batang lalaki na hindi mapakali sa mga mangyayari, excited na sa adventure na susuungin.

“Ako? Ayoko! Kung gusto mong maghanap, mag-isa ka! Tinulungan naman na kita, ha.”

“Have you forgotten your job? Di ba, ang s’abi ni *Otosan*, kung nasaan ako, nandoon ka. You’re my bodyguard. Saka tour guide ko na din.”

Kung kaninang niyakap siya nito, hindi siya nagalit. Ngayon, nag-init na ang kanyang ulo. “Napakakulit mo! Alam mo ba kung gaano kahirap ang gagawin natin? Magastos din ang balak mo. At isa pa, aabutin tayo nang siyam-siyam sa gagawin nating paghahanap.”

“I don’t care. Ang mahalaga sa ’kin, mahanap si

Mama. Hindi problema ang pera, sagot ko naman lahat.”

“Oo nga pala,” naging sarkastiko na ang pananalita ni Alessa. “Anak ka nga pala ng isang bilyonaryo.”

“Whether you like it or not, magkasama tayong aalis. So, prepare yourself. Tomorrow, we will start our journey!” masayang sabi nito. Dinaig pa yata ng binata si *Dora the Explorer*.

“Ano? Bukas na kaagad?”

Kahit ano pa yata ang apelang gawin niya, hindi na magbabago ang desisyon ni Rei.

Naghihintay na si Rei sa hotel lobby nang dumating si Alessa kinabukasan, ala una y media ng hapon. Papalapit pa lang siya sa binata nang mapansin ang hitsura nito. He was wearing a casual outfit, simple shirt and a pair of shorts. Bagay na bagay rito ang ganoong kasuotan.

Habang patingin-tingin ang lalaki sa wristwatch nito, hindi niya maiwasan ang hangaan ito. He was still the handsome emperor, dominating and powerful. Ang pagkakaayos ng buhok nito ay hindi

pormal, ngunit bagay na bagay pa rin dito. And his muscular body, halos lahat yata ng kababaihang napapadaan ay napapalingon dito. He was not like the usual macho man, but still she could trace the muscles around his body.

My handsome emperor... Nasambit niya iyon nang wala sa sarili. Bigla siyang nanigas na parang yelo. Ano ba ang pumasok sa kukote niya? Hindi naman siya naka-drugs para masabi ang mga bagay na iyon. Niyugyog niya ang sarili para makalimutan ang naisip. Naglakad na lang siya papalapit sa binata.

“Boss!” Sumaludo pa siya rito tanda ng pagbati.

From the way he looked at her, parang hindi nito nagustuhan ang kanyang suot. Ano ba ang masama sa suot niya? Isang simpleng hanging shirt at faded jeans lang ang napili niyang suotin. Hindi malaswang tingnan.

“You said we will go to a beach. Bakit ganyan ang suot mo?”

“There’s nothing wrong with my outfit. Hindi naman swimming ang habol natin d’on, di ba?” pamimilosopo niya.

Hindi ito nakaimik. Mukhang hindi nito nagustuhan ang kanyang sagot.

“Why are you late?” Hindi man malakas ang boses ni Rei, mahihimigan ang galit. “Kanina pa ’ko naghihintay dito!”

“Grabe, para kalahating oras ka lang naghintay.”

“A promise is a promise. Dapat tumupad ka sa pinagkasunduan nating oras!”

“Hold that thought.” Pinatigil ni Alessa ang binata sa pananalita. “Hindi tayo nag-usap. Ikaw lang ang nagdesisyong magkikita tayo nang one ’o clock ng hapon.”

“You’re really stubborn!”

“Parehas lang tayo!”

Nagtalikuran lang sila, parang mga batang nag-aaway. Saka niya lang naisip na may pagkakaparehas pala silang dalawa, parehas silang maprinsipyo, ma-ego kung baga. Pero kung paiiralin nila ang pag-aaway nila ngayon, wala silang masisimulan. Sa La Union pa ang pupuntahan nila.

“Alam mo, imbis na mag-away tayo, umalis na lang tayo. Kung hindi, wala tayong magagawa.” Siya na ang unang nagpakumbaba.

Akala niya ay magrereklamo ulit ang kausap, pero wala naman itong sinabi. Hanggang sa magulat

na lang siya sa ginawa nito. Hinawakan nito ang kanyang kanang kamay.

Nakatingin si Reisque sa kanya. “Come on,” aya nito.

Even her mind negated what was happening, her heart wasn't opposing. Ano ba ang mananaig sa kanya? Ang kanyang isip o ang puso? Ngunit naramdaman na lamang niya na kusang gumalaw ang kanyang katawan. Sabay silang lumabas ng hotel.

Habang binabaybay nila ang daan patungong parking lot kung saan nakaparada ang nirentahan nilang kotse, panay ang kalabog ng kanyang puso. Mas matindi pa yata sa lakas ng bass drum ang tunog nito. Ang buong lugar ay hindi niya alintana. Kahit hindi niya nakikita ang mukha nito, nasa binata pa rin ang pokus niya.

“Hey, Alessa!” He snapped his fingers in front of her. Inabot pa yata ng ilang segundo bago pa siya nakapag-react.

“What? Ha? Ano?”

“What's wrong with you? Bakit hindi ka pa sumakay? Nakikinig ka ba sa sinasabi ko?”

“Ano ba'ng sinabi mo?”

Napahawak na lang sa noo nito ang binata. “Just what I thought, you’re not listening to me! Saan bang lupalop nagsususuot ang utak mo?”

Nagising na rin si Alessa sa pananaginip habang gising. “Wala ka nang pakialam doon! Akin na nga ’yung susi.”

“Ayoko. I will drive.”

“Ikaw?” Tumawa siya nang pagkalakas-lakas. “Alam mo ba ’yung pupuntahan natin? Alam mo ba ’yung mga dadaanan natin? This is not Japan that you will drive on the left hand side of the road. Kaya *keri* mo ba?”

Naguluhan ito. “What do you mean by ‘keri’?”

“*Keri*... ibig kong sabihin, kaya mo ba?”

Napaisip ito kung magagawa ba ang kanyang mga sinabi. Hawak pa nito ang baba na para bang nag-iisip nang malalim.

“Bahala ka na nga.” Nakasimangot na iniabot nito ang susi sa kanya at naunang pumasok sa sasakyan.

Napailing siya habang nangingiti.

Naging maganda ang panahon habang naglalakbay sila. Tahimik lamang si Reisuke habang

nagmamaneho ang dalaga. Aaminin niya, masyado siyang nahihiwagaan dito. Hindi niya alam kung ano ang pumapasok sa utak nito. He was just staring outside the window.

Ano ka ba! Sa kakatingin mo diyan, baka mabangga pa kayo!

Kung hindi siya titigil sa katitingin dito, baka madisgrasya pa sila. Kaya itinuon na lang niya ang pansin sa pagmamaneho. Halos nakakadalawang oras na silang bumibiyahe. Talagang matatagalan sila dahil malayo ang La Union.

“Do you think...” Sa wakas ay umimik na rin ang kanyang katabi. Hindi pa nga lang nito itinuloy ang sasabihin.

Napatingin siya rito. Napansin niyang parang balisa ito. Bakit kaya?

Tumikhim ito saka nagpatuloy, “Do you think my mother will recognize me?”

Iyon pala ang pinangangambahan nito kaya masyado itong tahimik. He was not sure about what would happen once he came face to face with his long-lost mother. Seeing him like this made her heart melt. Suddenly, she had the urge to touch him, to comfort him.

Itinabi ni Alessa ang sasakyan. Hinawakan niya ang kamay nito. Nakaramdam siya ng kuryente sa pagdidikit ng kanilang mga balat. Gusto niyang iparamdam sa binata na wala itong dapat ikatakot.

“Everything will be fine.” She gave him an assuring smile.

Ngumiti na rin ito sa kanya. His smile was heavenly. Pakiramdam niya ay mahihimatay na siya sa sa kilig nang sandaling iyon. Her heart was beating fast again. At kung hindi niya iiwasan ito, she would surely do something she would regret afterwards.

Binitiwang niya ang kamay ng lalaki at ibinalik ang pansin sa pagmamaneho. Kung kanina ay masyadong balisa ang kasama niya, ngayon ay masaya na ito. Parang bawat madaanan nila, ikinagagalak nitong makita. Kung natutuwa ito, siya ay hindi dahil mas lalo pang naging magulo ang kanyang nararamdaman.

“Alessa, how old are you?” he asked while staring at the scenery outside the car window.

“Bakit mo naitanong?”

“Wala lang. Ilang beses na kasi kitang nakikita, hindi ko man lang alam kung ilang taon ka na.”

She was touched by his words, pero kailangan

ay hindi nito mahalata ang kanyang nararamdaman. “Malapit lang ang edad ko sa ’yo. I’m twenty-five.”

“Alam mo ang edad ko?”

“Malamang dapat malaman ko ’yun. You’re twenty-seven, may allergy ka sa mga seafoods, mahilig kang maglaro ng mga board games at kung anu-ano pa.”

“I can’t believe you know everything about me.”

“Hindi naman lahat. May mga bagay pa rin tungkol sa ’yo na hindi ko alam, gaya sa mga relationships mo. Wala kasi akong pakialam d’on.” Wala nga siyang pakialam sa naging relasyon nito sa mga babae, pero curious pa rin siyang may malaman tungkol doon. “Kahit tungkol sa nanay mo, wala din akong alam.”

“Well, it’s not fair. Marami ka na palang alam tungkol sa akin.”

She didn’t know what he meant about what he said. Curious din ba ito sa kanya? May mga bagay rin ba itong gustong malaman tungkol sa kanya o kaya lang naisip nito na magtanong para may mapag-usapan?

Makalipas ang mahigit tatlong oras na pagmamaneho, naging pangit na ang panahon. Nasa Pampanga pa lang sila. Sobrang lakas na ng ulan at halos lahat ng mga daan, baha na.

“Safe pa bang magbiyahe tayo?” Inoobserbahan na rin ni Rei ang paligid. “Parang mas mabuti sigurong tumigil muna tayo.”

“Pero made-delay tayo. Saka saan tayo mananatili?”

Itinuro nito ang isang motel sa di-kalayuan. “There, we can stay there.”

“Ha? Bakit doon?” Sa lahat pa ng maaari nilang tuluyan nang ilang oras, sa isang motel pa!

“There’s nothing wrong if we stay there. And besides, we can’t rest here. Magagawa mo bang humiga dito?”

“Kahit na, ayoko! Kung gusto mo, ikaw na lang ang manatili d’un. Dito na lang ako.”

“If that’s what you want.” Nagkibit-balikat ito. “Basta ako, makakapagpahinga ako, makakanood ng TV, hindi ako mababagot habang hinihintay na maging okay na ang weather.” Iniinggit pa siya nito.

Hindi niya nga gustong makasama ang binata sa iisang kuwarto. Bigla siyang napaisip. Sino naman

ang nagbigay sa kanya ng ideya na makakasama niya ito sa iisang silid? Sabagay, tama ang lalaki. Dapat ngang magpalipas muna sila ng oras. Baka maaksidente pa sila kung magpapatuloy sa biyahe.

At gaya rin ng sinabi nito, kung mananatili siya sa kotse, mababagot lang siya. Siya rin ang mahihirapan. Kung buong magdamag siyang magpapalipas dito, hindi lang ngalay o pamamanhid ng kanyang mga hita ang mangyayari, marahil buong katawan pa. Pero nagmatigas pa rin siya.

“Sa tingin ko, sandali lang naman ’to. Baka makalipas lang ang ilang minuto, titila na din ang ulan. Mawawala na din ang baha.”

“Are you sure?”

“Sige, para walang away...” Binuksan niya ang radio. Inilipat niya sa isang AM station. “Makinig tayo ng balita kung may bagyo ba.”

Ganoon nga ang ginawa nila. Mabilis siyang nakahanap ng istasyon na tungkol sa panahon ang binabalita, pinakinggan nila. At sa kamalasmalasan, may bagyo nga! Nakataas ang storm signal number two sa Pampanga kaya siguradong stranded sila. Magpapakawala rin daw ng excess water ang mga dams, kaya siguradong lalaki pa ang baha na

madadaanan nila.

“What did I tell you?” Nagmamayabang pa ang binata habang nakatingin sa kanya. “Sinabi ko na sa ’yo, dapat mag-stay muna tayo d’un.”

Ano ba ang gagawin ni Alessa? Dapat ba siyang sumama rito? Sigurado namang magkahiwalay sila ng kuwarto, pero bakit hindi pa rin matigil ang kabang nadarama niya?

Alessa, isa kang agent. Hindi ka dapat matakot at kabahan. Isa pa, bodyguard ka niya! Hindi siya maaaring mawala sa paningin mo! Walang siyang choice; sa ayaw man o sa gusto, susundin niya ang gusto ng binata.